BIGLAANG PAGLITAW NG BAGONG INFLUENZA SA NAGANO PREFECTURE

Hunyo 14, 2009
Nagano Governor Jin Murai
Hakbang Ng Nagano Prefecture
Laban sa Bagong uri ng Influenza

Iniulat kahapon ,ika-13 ng Hunyo ang unang kumpirmadong mayroong bagong uri ng influenza sa Nagano Prefecture. Inaasahan ang paggaling ng pasyenteng ito sa lalong madaling panahon.

Nilinaw ng Health Welfare office (Hokenjo) ayon sa pagsisiyasat sa nasabing kaso na limitado lamang ang kumpulan ng taong nakaharap ng pasyenteng ito. Ipinakikiusap sa mga mamamayan ang mahinahong pagtugon ayon sa wastong impormasyon.

Sa ipinahayag ng Prefecture ayon sa「Basic Response Policy」ng bansa noong Mayo 22, ipinapalagay na hindi laganap ang inpeksiyon sa lugar sa kasalukuyan at tumugon sa mga isinasaad sa ibaba.

Ipinakikiusap ang kooperasyon at pang-unawa ng bawat isa upang maprotektahan ang kalusugan at pamumuhay sa pamamagitan ng pakikiisa ng mga mamamayan sa mga may kinalamang institusyon para sa sapat na hakbang.

1．Sa mga paaralan, kindergarten, at iba pang pasilidad

（1） Walang hinihiling na pansamantalang pagsasara

（2） Pag gabay sa「ganap na proteksiyon ng bawat isa」at patuloy na pag-iingat para sa mga bata, mag-aaral, gumagamit ng pasilidad , mga kawani at pagbibigay pansin sa kalagayan ng kalusugan.

2．Sa mga mangangalakal

（1） Walang hinihiling na kusang pagsasara ng pangangalakal

（2）Pag gabay sa「ganap na proteksiyon ng bawat isa」at patuloy pagbibigay pansin sa kalagayan ng kalusugan ng mga manggagawa at mga may kinalaman .

3．Sa mga organizer o mga namamahala ng pulong, sports events at iba pa

（1） Walang hinihiling na pagpapatigil ng pulong at iba pa.

（2） Pag gabay sa 「ganap na proteksiyon ng bawat isa」at patuloy na pagbibigay pansin sa kalagayan ng kalusugan ng mga kalahok at mga may kinalaman.

4．Sa mga mamamayan ng Nagano Prefecture

（1） Walang hinihiling na huwag lumabas

（2） Pakiusap sa 「ganap na proteksiyon ng bawat isa」ang mga isinasaad;

・Umiwas sa umpukan ng mga tao hanggat maaari, maghugas ng kamay, madalas na pagmumumog, at magsuot ng face mask sa mga lugar na nagkakalipon ang mga tao.

・kung inuubo , nagkaroon ng biglaang lagnat at sintomas ng pananakit ng lalamunan, iwasan ang lumabas o magsuot ng face mask kung kinakailangan na lumabas..

・Sumangguni o tumawag sa pinakamalapit na Health Welfare office (Hokenjo) bago magpatingin sa mga medical institutions kung nagkaroon ng biglaang lagnat, inuubo, at sintomas ng pananakit ng lalamunan . Ipakikilala sa inyo ang institusyong pagpapagamutan.

（3） Huwag itangi o i-discriminate ang pasyente at mga may kinalamang pasilidad .